

Isang Dangkal Man, Maaasahan

Mahirap at di magkaanak ang mag-asawang Maring at Pedring. Araw-araw na ipinagdarasal nila na biyayaan sila ng kahit isang anak lang. Tuwang-tuwa sila nang pagbigyan ng Diyos ang kanilang hiling. Nagkaanak sila ng lalaki pero kakaiba ang hitsura nito.


Isang araw, napag-usapan ng mag-asawa ang kakaibang katangian ng kanilang anak na si Juan.

“Pedring, bakit parang hindi lumalaki si Juan. Parang isang dangkal lang siya. Pitong taon na siya pero ang liit pa. Napakatakaw naman niya,” ani Maring.

“Nagtataka nga rin ako. Sa takaw niya, kaya niyang ubusin ang isang kalderong kanin at isang kaserolang gulay. Kaya rin niyang ubusin ang isang buong manok,” sabi ni Pedring.

Magkaganun man, mahal na mahal ng mag-asawa si Juan na isang dangkal lamang.

Isang araw, sabi ni Pedring, “Juan, sumama ka sa akin sa bundok. Mamumulot tayo ng punong kahoy na panggatong.”



Bitbit ang mga gamit sa pagputol ng kahoy, inakyat ng mag-ama ang bundok. Nang makakita ng malaking matandang puno, sinimulan na nila itong putulin. Nang akmang matutumba na ang puno, sabi ni Pedring, "Juan tumakbo ka sa bandang kaliwa. Tatakbo naman ako sa kanan."

Di inaasahan ni Pedring na matutumba ang puno kung saan nandoon si Juan. Dali-daling tinakbo ni Pedring ang anak pero nagulat siya nang di niya ito nakita sa lugar na binagsakan ng puno. Nagmadali siyang umuwi. Akala niya ay tumakbo si Juan sa bahay dahil sa takot.

Nagtaka si Pedring nang malaman na wala din si Juan sa kanilang bahay. Lungkot na lungkot si Aling Maring sa pagkawala ni Juan.

Ilang sandali ang lumipas, natakot ang mag-asawa nang makaramdam sila ng malakas na hangin sa kanilang bakuran. Napatakbo sila sa may bintana nang marinig ang tinig ni Juan.

"Tatay, Nanay, andito na po ako. Saan ko po ilalagay ang malaking puno na pinutol natin?" sabi nito na bitbit ang malaking puno sa kanyang balikat.

Tuwang tuwa ang mag-asawa nang makitang muli ang kanilang anak. Dito nila naisip na sangdangkal man, maaasahan din si Juan.

